



---

## INILABAS NA BALITA

**ILALABAS KAAGAD:** Abril 11, 2018

**MAKIPAG-UGNAYAN KAY:** Aaron Richardson - 415.749.4900

### **Ang panahon ng pagsunog para sa tagsibol ay matatapos na para sa pagsusunog para pamahalaan ang latian**

**SAN FRANCISCO** - Inaanunsyo ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area na sa Linggo, Abril 15, matatapos na ang pinahihintulatang pagsusunog para pamahalaan ang latian sa Bay Area.

Itinakda para sa layunin ng pagpapaganda ng kapatagan at mga latian para sa mababangis na hayop, maaari lang mangyari ang pagsusunog para pamahalaan ang latian sa naitalaga nang araw ng pagsusunog sa panahon ng pinahihintulatang panahon ng pagsusunog gaya ng tinukoy ng Air District (Distrito ng Hangin).

Sa ilalim ng patakaran ng Air District, hindi magdedeklara ng mga araw ng pinahihintulatang PAGSUSUNOG kapag pinaiiral ang *Alerto na Iligtas ang Hangin (Spare the Air Alert)*.

Kinokontrol ang bukas na pagsunog dahil sa epekto nito sa kalidad ng hangin. Ang ilang sunog para sa mga layunin na pang-agrikultura, pagkontrol ng baha, pagsasanay para sa sunog at ang pag-iwas ng mga panganib ng sunog bukod sa iba pang layunin, ay pinapayagan kapag kanais-nais ang mga kondisyon ng panahon para sa pagkalat ng usok, karamihan sa mga ito ay sa panahon ng mga tinukoy na panahon sa buong taon. Ang bawat araw ng taon ay itinalaga bilang alinman sa araw ng PAGSUSUNOG o araw na HINDI MAGSUSUNOG, at ang mga pinahihintulatang pagsusunog ay maaari lang itakda sa panahon ng kanilang it itinatag na panahon ng pagsusunog sa itinalagang araw ng PAGSUSUNOG.

Ang mga kinakailangan para sa bukas na pagsunog ay naaangkop sa rehiyon ng Bay Area na may siyam na county, kabilang ang Alameda, Contra Costa, Marin, Napa, San Francisco, San Mateo, Santa Clara, timog kanlurang Solano at katimugang mga county ng Sonoma.

Makikita ang regulasyon ng Air District sa bukas na pagsunog (Regulasyon 5) sa: [www.baaqmd.gov/rules](http://www.baaqmd.gov/rules). Makakakuha rin ng impormasyon tungkol sa bukas na pagsunog sa walang bayad na numero ng Distrito ng Hangin sa 1-800-HELP AIR (435-7247).

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panlalawigang ahensiya na responsable para sa pangangalaga ng kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

###

*Opisina ng Air District para sa Mga Pakikipag-ugnayan*  
*375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105 - (415) 749-4900*  
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Inilabas na Balita](#)